


# Sining

## Kwarter 1 – Modyul 2: Mga Katutubong Disenyo: Tara na! Alamin at Pahalagahan



## **Sining – Grade 4**

### **Alternative Delivery Mode**

### **Kwarter 1– Modyul 2: Mga Katutubong Disenyo: Tara na! Alamin at Pahalagahan Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

#### **Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rejean Cabarles Macansantos

**Editor:** Francis Durante

**Tagasuri:** Cynthia T. Montanez

**Tagaguhit:** Emma S. Malapo

**Tagalapat:** Rejean Cabarles Macansantos

**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad

Francisco B. Bulalacao, Jr.

Grace U. Rabelas

Ma. Leilane R. Lorico

Jerson V. Toralde

Belen B. Pili

Cynthia T. Montanez

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

#### **Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telefax: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# **Sining**

**Kwarter 1 – Modyul 2:  
Mga Katutubong Disenyo:  
Tara na!  
Alamin at Pahalagahan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat Aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

And modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang Aralin. Ito ang masasabi kung kailangan ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng Aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang Makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat Gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaralna ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag sususlatan o ammarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makakaranas ng suliranin sa pag-unawa sa mga Aralin sa paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Isang maganda at makabuluhang araw sa iyo kaibigan!

Naalala mo pa ba ang mga disenyong nagmumula sa Luzon, Visayas at Mindanao? Ano-ano ba ang napansin mo sa mga disenyo nila? Kaakit-akit ba itong tingnan?


Tama! Kaakit-akit at kanais-nais sa paningin ang mga disenyong gawa ng mga pangkat-etniko. Ang kanilang talino at kasanayan sa paglikha ay naipapakita nila sa paggawa ng mga kasuotan, kagamitang pantahanan, palamuti sa katawan at iba pa.

Alam mo bang marami pa tayong dapat malaman tungkol dito? Tiyak nanaisin mong malaman ang iba pang disenyong etniko.

Sa tulong ng modyul na ito, inaasahan na makalilikha ng isang disenyo mula sa mga katutubong *motif* sa pamamagitan ng ***crayon etching***.



## Subukin




### KAYA MO BA?

Piliin sa loob ng kahon ang mga sumusunod na larawan na nagpapakita ng disenyong etniko. Iguhit ito sa loob ng bilog.



**Source:** *Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p.154*, [https://live.staticflickr.com/8769/18436780515\\_b74ec7d2a8.jpg](https://live.staticflickr.com/8769/18436780515_b74ec7d2a8.jpg)



Kumusta? Naiguhit mo ba ang mga kasuotang may etnikong disenyo? Tingnan ang tamang sagot sa pahina 32 at Maaari ka nang magpatuloy.

## Aralin

# 1

## Mga Kasuotang may Katutubong Disenyo




Likas sa mga Pilipino ang pagkamalikhain at pagkamakasining. Ito ay minana natin sa ating mga ninuno. Sa ilang salinlahi ay nakikita ang mga masining na likha ng mga katutubo.

Ilan sa kanilang likhang sining ay makikita sa ibat-ibang kasuotan na may katutubong disenyo.




### *Balikan*

Iguhit sa ibaba ng bawat larawan ang bituin (★) kung ang katutubong disenyo ay galing sa Luzon, puso (♥) naman kung galing sa Visayas at araw (☀) kung sa Mindanao.



4.



5.




**Source:** Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p.145, 150, 154



## ***Tuklasin***

Magsimula ka rito.

Pansining mabuti ang mga kasuotan ng sumusunod na bata sa loob ng kahon at sagutan ang sumusunod na mga katanungan.



Tanong:

1. Ano ang napansin mo sa mga disenyonang ginamit sa larawan?  
Sa kanilang pananamit at kagamitan?
2. Nagpapakita ba ito ng iba't ibang hugis, linya, at kulay?
3. Saan natin maaaring ihalintulad ang kanilang mga disenyo?

Natukoy mo ba ang mga etnikong disenyonang gamit sa mga kasuotan nila?





## Suriin

Alam mo bang ang mga disenyong etniko ay gawa ng mga pangkat-etniko sa mga kultural na pamayanan sa bansa? Ang kanilang talino at kasanayan sa paglikha ay naipakikita nila sa paggawa ng mga kasuotan.

Nakasuot kana ba ng damit na may mga etnikong disenyo?

Alam mo ba kung ano mga disenyong etniko?

Narito ang mga halimbawa ng kasuotang may etnikong disenyo.





**Source:** Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p.209

Napansin mo ba ang mga disenyong makikita sa kanilang mga kasuotan? Anong mga disenyo ang iyong nakita?

Iba't ibang hugis at linya ang makikitang disenyo sa mga kasuotang katutubo.

Narito ang mga halimbawa ng mga disenyong etniko.


#### Mga Dibuhong Bituin (Star Motif)




Maranao



Bagobo




Agta




Bukidnon


#### Mga Dibuhong Araw (Sun Motif)




Kalinga



Maranao



Ifugao



Bagobo

## Mga Dibuhong Tao



Bagobo

Ifugao

Buntok

**Source:** Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral  
p.158-159

Ngayon, alam mo na ang iba't ibang disenyong etniko na makikita sa mga kasuotan.



## *Pagyamanin*

Gawain 1:

Iguhit mo ang lima sa mga halimbawa ng disenyo etniko sa isang bond paper.

Kung hindi ka nasiyahan sa iyong ginawa, lagyan mo ng malungkot na mukha (☹), Kung nasiyahan ka naman sa iyong ginawa lagyan ng masyang mukha (☺) sa kanang ibaba ng bond paper.

Gawain 2:

Pagmasdang mabuti ang katutubong kasuotan ng mga Bagobo. Iguhit ang mga etnikong disenyong iyong nakikita sa isang bond paper.



**Source:** unknown, “Mga Traditional Na Pananamit Sa Pilipinas”, <https://manilagrapika.files.wordpress.com/2015/08/bagobo.jpg?w=670>

Magaling! Naiguhit mo ba ang mga etnikong disenyo? Ngayon subukan mo namang gawin ang Gawain 3.

Gawain 3:

Kumuha ng isang bond paper. Gumuhit ng Kasuotang Pambabae o Panlalaki at guhitan ito ng mga etnikong disenyo.

Hanep! Natapos mong maisagawa ang Gawain 3. Nagustuhan mo ba ang iyong ginawa? Kung Oo, guhitan ng masyang mukha ( 😊 ) at kung hindi naman malungkot na mukha ( ☹ ) sa kanang itaas n bahagi ng bond paper.



## ***Isaisip***

### TANDAAN

Ang disenyong etniko o dibuho ay may katangitanging kagandahan. Dapat natin ipagmalaki at panatilihin ang mga ito upang lalong makilala ang ating bansa.

Ano-ano ang disenyong etniko ang iyong natutunan sa aralin na ito? Iguhit ang mga ito sa papel.



## ***Isagawa***

Ihanda ang mga sumusunod na kagamitan at sundan ang hakbang sa paggawa ng Crayon etching.

Kagamitan: Oslo paper o Card board, Krayola, barberque stick or 1 pirasong walis tingting bilang pangguhit.

Mga Hakbang Sa Paggawa:

1. Ihanda ang mga kagamitan.
2. Diinan nang maigi ang pagkukulay sa buong papel. Punuin ang papel ng iba't ibang kulay ng krayola.
3. Patungan ng kulay itim na krayola ang buong bahagi ng papel.

4. Maaaring gumamit ng paper clip o toothpick na magsisilbing pangguhit.
5. Gumuhit ng isang kasuotan. Pumili ng disenyo na nais iguhit sa kasuotan mula sa mga halimbawa ng disenyong etnikong dibuho ng araw, bituin at tao. Maaaring gumamit o umisip ng sariling disenyo gamit ang iba't ibang linya at hugis para sa gagawing likhang-sining.
6. Gamitin ang imahinasyon upang makabuo ng kakaiba at orihinal na disenyo sa kasuotan.

Hanep! Natapos mong maisagawa ang gawain. Nagustuhan mo ba ang iyong ginawang crayon etching?

**Aralin**

**2**

## **Mga Katutubong Disenyo sa mga Kagamitan**

Ilan sa mga likhang sining na nagpapakita ng iba't ibang disenyong etniko sa kasuotan ay natutuhan mo na sa Aralin 1.

Ngayon, Malalaman mo na hindi lamang sa mga kasuotang damit makikita ang mga disenyong etniko. Makikita mo rin ito sa mga kagamitan pantahanan tulat ng palayok, mangkok at banga. Ito rin ay makikita sa mga hinabing tela, kumot at banig.



## **Balikan**

Tukuyin ang mga disenyonang etnikong makikita mo sa katutubong kasuotan ng mga T'boli.



**Source:** unknown, “Isang matandang babaeng T'boli sa katutubong kasuotan”,  
[https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/thumb/d/d9/T%27boli\\_woman.jpg/220px-T%27boli\\_woman.jpg](https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/thumb/d/d9/T%27boli_woman.jpg/220px-T%27boli_woman.jpg)

Gumuhit ng 5 disenyonang etniko ang iyong natutuhan sa Aralin 1.



## **Tuklasin**

Pansinin ang mga larawan sa ibaba.



**Source:** [http://1.bp.blogspot.com/-t5QBccbB-Rs/U7kLxNfrlSI/AAAAAAAAACE/dDX\\_4oOYHsA/s1600/burial-artifacts+\(1\).jpg](http://1.bp.blogspot.com/-t5QBccbB-Rs/U7kLxNfrlSI/AAAAAAAAACE/dDX_4oOYHsA/s1600/burial-artifacts+(1).jpg)

Tanong:

Anong mga kagamitan ang ipinapakita sa larawan?  
Ano-ano ang etnikong disenyo ang makikita dito?  
Alam mo ba kung saan galling ang mga kasangkapang ito?





## **Suriin**

Nakakita ka na ba ng mga kagamitang sinauna?

Ito ay isang tela na galing sa mga Mangyan.



**Source:** <http://whitechampa.com/craft/mangyan/>


Mayaman sa kultura ang mga Mangyan lalo na ang tribo ng Hanunuo. Nag-aalok sila ng masaganang artistikong pamana sa kasaysayan ng pre-kolonyal na Pilipinas. Tulad ng anumang iba pang mga katutubo sa bansa ang kanilang sining ay isang pagpapahayag ng panlipunang relasyon sa kanilang komunidad.



**Source:** <https://www.pinterest.com/pin/492440540486166350/>

Ang isa sa kanilang mga sining ay ang Ambahan, isang ritmikong tula na pagpapahayag na may isang metro ng pitong syllable na iniharap sa pamamagitan ng pagbigkas at chanting. Walang mga may-akda ng mga tula at kung hihilingin sa isang Mangyan kung saan natutunan niya ang mga linya ng tula, sasabihin niya na nagmula ito sa kanyang mga magulang o binasa at kinopya ito mula sa mga kawayan na kung saan orihinal na isinulat nila ang kanilang mga script.

### Mga Halimbawa ng iba pang Katutubong Disenyo



**Source:** <https://image.slidesharecdn.com/152398418-disenyong-etniko-141211061508-conversion-gate01/95/disenyong-etniko-5-638.jpg?cb=1418278637>




**Source:** <https://image.slidesharecdn.com/152398418-disenyong-etniko-141211061508-conversion-gate01/95/disenyong-etniko-6-638.jpg?cb=1418278637>



**Source:** <https://image.slidesharecdn.com/152398418-disenyong-etniko-141211061508-conversion-gate01/95/disenyong-etniko-7-638.jpg?cb=1418278637>

Ngayon alam mo na ang iba pang mga halimbawa ng etnikong disenyo na maaring Makita sa mga kagamitan.



## ***Pagyamanin***

### Gawain 1

Guhitan ng mga disenyong etniko ang palayok sa ibaba at kulayan ito.



Magaling! Nagustuhan mo ba ang iyong ginawa? Kung Oo, guhitan ng masyang mukha (☺) at kung hindi naman malungkot na mukha (☹) sa kanang itaas na bahagi ng bond paper. Ngayon sagutan mo ang Gawain 2.

#### Gawain 2

Iguhit ang mga disenyong etniko na hinihingi sa bawat bilang.

1. Kidlat
2. Araw
3. Puno
4. Agila
5. Sumasayaw na Tao

Naiguhit mo ba nang tama ang mga disenyong etniko sa bawat bilang? Ngayon subukan mo naming sagutan ang Gawain 3.

### Gawain 3

Tukuyin kung anong mga disenyong etniko ang ginamit sa bawat larawan. Isulat ang sagot sa papel.

1.



2.



3.



**Source:** <https://image.slidesharecdn.com/disenyongetniko-141211082309-conversion-gate01/95/disenyong-etniko-6-638.jpg?cb=1418286227>



## ***Isaisip***

Ang disenyong etniko o dibuho ay may katangitanging kagandahan. Dapat natin ipagmalaki at panatilihin ang mga ito upang lalong makilala ang ating bansa. Sa mga kagamitan ay naipapakita ng mga ninuno natin ang kagalingan at talino. Bawat disenyong etniko ay maroon kahulugan.

Ang mga kagamitan na mga sinauna at may mga etnikong disenyo ay kailangan nating Pahalagahan.

Ano-anong disenyong etniko ang natutuhan mo sa araling ito?



## ***Isagawa***

Ihanda ang mga sumusunod na kagamitan at sundan ang hakbang sa paggawa ng Crayon etching sa banga.

**Kagamitan:** Oslo paper o Card board, Lapis, Gunting, Krayola, barberque stick or 1 pirasong walis tingting bilang pangguhit.

### **Mga Hakbang Sa Paggawa:**

1. Ihanda ang mga kagamitan. Kunin ang Oslo paper o Card board at guhitan ito ng isang banga.
2. Guntingin ang banga na ginuhit.
3. Diinan nang maigi ang pagkukulay sa buong bahagi ng banga. Punuin ito ng iba't ibang kulay ng krayola.

4. Patungan ng kulay brown na krayola ang buong bahagi ng banga.
5. Maaaring gumamit ng paper clip o toothpick na magsisilbing pangguhit ng mga etnikong disenyo sa banga.
6. Gamitin ang imahinasyon upang makabuo ng kakaiba at orihinal na disenyo sa banga.



**Source:** <https://clipartstation.com/wp-content/uploads/2017/11/banga-clipart.jpg>

Magaling! Naguhitan mo ba ng etnikong disenyo ang iyong banga? Nagustuhan mo ba ang iyong ginawa? Anong mga disenyo ang iyong iginuhit?

## Aralin

# 3


## Mga Katutubong Disenyo

Ang mga disenyong etniko ay gawa ng mga pangkat-etniko sa mga kultural na pamayanan sa bansa. Ang kanilang talino at kasanayan sa paglikha ay naipakikita nila sa paggawa ng mga kagamitang pantahanan gaya ng palayok, mangkok, at banga. Ito rin ay naipakita sa mga hinabing tela, kumot, at banig.



### **Balikan**

Pansinin ang larawan at sagutan ang mga katanungan.



**Source:**

[https://lh4.googleusercontent.com/proxy/DGciGw7jpk0htJVKBUXEt-t1TRAZnGyfZAaHekSeCLrUhOUcL4up3yjTfeYi8Q63dSt54WQ-cNK-yoI1t2rywDCwFd0Ac0BVGQrL7wdUJRTjvTbMhZ\\_Ww=s0-d](https://lh4.googleusercontent.com/proxy/DGciGw7jpk0htJVKBUXEt-t1TRAZnGyfZAaHekSeCLrUhOUcL4up3yjTfeYi8Q63dSt54WQ-cNK-yoI1t2rywDCwFd0Ac0BVGQrL7wdUJRTjvTbMhZ_Ww=s0-d)

Ano ang napansin mo sa larawan?

Ano-anong etnikong disenyo ang iyong nakita sa larawan?



Magaling! Natutuhan mo na ang mga disenyong etniko na makikita sa mga kagamitan.

Magbigay ka nga ng mga kagamitan na makikita ang mga etnikong disenyo



## **Tuklasin**

Magsimula ka rito.

Pansining mabuti ang halimbawa ng crayon etching. Tukuyin ang mga etnikong disenyong iyong nakikita.



Tanong:

Ano-anong etnikong disenyo ang iyong nakikita? Pangalan mo ito isa-isa.

Kaya mo din bang gumawa ng crayon etching at gumuhit ng etnikong disenyo?



## **Suriin**

Likas sa mga pangkat-etniko ang pagiging malikhain at matalino na siyang Nagpapakita ng kultura. Sa mga kasuotan, mga kagamitan at mga palmuti na ginagamit sa pang araw-araw ay makikita ang kanilang obra maestra na may mga disenyong etniko.

Kagilagilalas ang angking pagkamalikhain ng ating mga ninuno. Ang mga disenyong ito ay hango sa kanilang kalikasan o sa kapaligiran.

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng etnikong disenyo:


### **Mga Dibuhong Bituin (Star Motif)**




Maranao



Bagobo



Agta




Bukidnon

**Source:** Musika at Sining 4, kagamitan ng mag aaral p.158




**Source:** <https://image.slidesharecdn.com/152398418-disenyong-etniko-141211061508-conversion-gate01/95/disenyong-etniko-3-638.jpg?cb=1418278637>

### Mga Dibuhong Araw (Sun Motif)




Kalinga



Maranao




Ifugao



Bagobo

**Source:** Musika at Sining 4, kagamitan ng mag aaral p.158



**Source:** <https://image.slidesharecdn.com/152398418-disenyong-etniko-141211061508-conversion-gate01/95/disenyong-etniko-2-638.jpg?cb=1418278637>

### Mga Dibuhong Tao



Bagobo




Itugao




Buntok

**Source:** Musika at Sining 4, kagamitan ng mag aaral p.159

## Halimbawa ng Kultural na Likhang-Sining




**Source:** Musika at Sining 4, kagamitan ng mag aaral p.159



**Source:**

<https://reader015.pdfslide.net/reader015/html5/0315/5aaa18e69e083/5aaa18e87dfb1.jpg>


Pagmasdan ang mga larawan, Sagutan ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong sagot sa sagutan papel.



dibuho ng Kalinga



dibuho ng Maranao



dibuho ng Ifugao

**Source:** Musika at Sining 4, kagamitan ng mag aaral p.158

Ano ang masasabi ninyo sa mga larawang ito?

**Dibuho ng Kalinga**

---

---

**Dibuho ng Maranao**

---

---

**Dibuho ng Ifugao**

---

---


Sa palagay ninyo, saan nagmula o hango ang kanilang mga disenyo?

---

---

---

---



## ***Pagyamanin***

Ngayon, alam mo na ang iba't ibang disenyong etniko. Iguhit mo ang lima sa mga halimbawa ng disenyo sa isang bond paper.

Kung nasiyahan ka sa iyong ginawa, lagyan mo ng masayang mukha (☺) ang kanang ibaba ng bond paper at kung hindi ka nasiyahan malungkot na mukha (☹).



## ***Isaisip***

### **TANDAAN**

Ang disenyong etniko o dibuho ay may katangitanging kagandahan. Dapat natin ipagmalaki at panatilihin ang mga ito upang lalong makilala ang ating bansa.

Ano-ano ang mga disenyong kultural ang iyong natutunan sa modyul na ito? Isulat ang mga ito sa papel.



## **Isagawa**

GAWIN

### **DISENYO SA CRAYON ETCHING**

**Kagamitan:** oslo paper o lumang cardboard, lapis, krayola, paper clip o toothpick, barberque stick or 1 pirasong walis tingting bilang pangguhit

#### **Mga Hakbang Sa Paggawa:**

1. Ihanda ang mga kagamitan.
2. Diinan nang maigi ang pagkukulay sa buong papel. Punuin ang papel ng iba't ibang kulay ng krayola.
3. Patungan ng kulay itim na krayola ang buong bahagi ng papel.
4. Maaaring gumamit ng paper clip o toothpick na magsisilbing pangguhit.
5. Pumili ng disenyo na nais iguhit mula sa mga larawang ipinakita ng guro (hal. dibuho ng araw, bituin at tao.) Maaaring gumamit o umisip ng sariling disenyo gamit ang iba't ibang linya at hugis para sa gagawing likhang-sining.
6. Gamitin ang imahinasyon upang makabuo ng kakaiba at orihinal na disenyo.
7. Gumawa ng frame na may sukat na 3 cm sa bawat gilid ng papel para mas kaayaya ang resulta ng disenyong ginawa.
8. Matapos mo magawa ito ay maari mong markahan ang iyong sarili sa pamamagitan ng pamantayan sa paggawa sa susunod na pahina

Kung nasiyahan ka sa iyong ginawa, lagyan mo ng masayang mukha (☺) ang kanang ibaba ng bond paper at kung hindi ka nasiyahan malungkot na mukha (☹).

**Panuto** : Lagyan ng tsek ang kahon batay sa antas ng iyong naisagawa sa buong aralin.

PAMANTAYAN	Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan (3)	Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang (2)	Hindi nakasunod sa pamantayan (1)
1. Nalaman ko ang kahalagahan ng mga katutubong disenyo mula sa mga kultural na pamayanan.			
2. Nailarawan ko ang mga katutubong disenyo na gawa ng mga pangkat-etnikomula sa mga kultural na pamayanan.			
3. Nakalikha ako ng isang disenyo mula sa katutubong motif sa pamamagitan ng crayon etching.			
4. Nailigpit ko ang mga kagamitang ginamit sa tamang pagbuo ng likhang-sining.			
5. Naisagawa ko ang aking likhang-sining nang may kawilihan.			





## **Tayahin**

Gumawa ng **crayon etching** sa mga sumusunod na larawan.


Kulayang ng iba't ibang kulay ang mga sumusunod na larawan at iguhit ang mga disenyong etnikong iyong natutuhan sa modyul na ito.

### 1. Kasuotang Panlalaki



**Source:** [https://cdn.shopify.com/s/files/1/2034/7829/files/Full-Open\\_-\\_Regular\\_Pointed\\_Collar\\_540x.jpg?v=1543938793](https://cdn.shopify.com/s/files/1/2034/7829/files/Full-Open_-_Regular_Pointed_Collar_540x.jpg?v=1543938793)

## 2. Tela



## 3. Plato









**Source:**  
[https://www.horchow.com/product\\_assets/H/B/E/V/7/HCHBEV7\\_mk.jpg](https://www.horchow.com/product_assets/H/B/E/V/7/HCHBEV7_mk.jpg)



## ***Karagdagang Gawain***

Iguhit at kulayan ang mga disenyong etniko sa loob ng mga kahon.










# Susi sa Pagwawasto











1. Araw ng Itugao at Bituin ng Maranao
2. Araw ng Maranao, Dibuhong Puno, pumo
3. Kidlat at Pumo

## Gawain 3


 <p>Sumasayaw na Tao</p>	 <p>Agila</p>	 <p>Dibuhong Puno</p>	 <p>Araw</p>	 <p>Kidlat</p>
5. Sumasayaw na Tao	4. Agila	3. Puno	2. Araw	1. Kidlat

## Gawain 2

### Aralin 2

  <p>5.</p>	  <p>4.</p>	  <p>3.</p>	  <p>2.</p>	  <p>1.</p>
--	--	--	--	--

## Balikkan



## Subukin

## ***Sanggunian***

Kagawaran ng Edukasyon, Musika at Sining 4, Kagamitan ng  
Mag-aaral p.158.Book Media Press Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)